Government of **Western Australia**
Department of **Health**
**Public and Aboriginal Health Division**

# Programang imyunisasyong batay sa paaralan sa Year 7 – impormasyon para sa mga magulang

## Bakit mahalaga ang imyunisasyon?

Pinoprotektahan ng imyunisasyon ang mga tao mula sa mga nakakahawang sakit na may dalang mataas na peligro ng malalang sakit, kapansanan at pagkamatay. Nati-trigger ng mga bakuna ang immune na tugon na nagbibigay ng proteksiyon sa mga tao kung magkakakontak silang muli sa sakit sa kapaligiran.

Lahat ng mga bakunang kasalukuyang makukuha sa Australia ay dapat dumaan sa mahigpit na mga pangkaligtasang pagsusuri bago maaprubahan. Ang mga bakuna ay patuloy na sinusuri para masiguro na ito ay ligtas at mabisa. Lahat ng mga gamot at bakuna ay maaaring may mga side effect. Minsan ay malala ang mga ito, kadalasan ay hindi. Para sa impormasyon tungkol sa kaligtasan ng bakuna at karaniwan at mga bihirang side-effect, mangyaring magbasa pa sa: healthywa.wa.gov/immunisation

## Programa ng imyunisasyong batay sa paaralan

Sa pamamagitan ng programang ito, ang anak mo ay aalukan ng libre, rutina at inirerekomendang mga bakuna para magbigay ng proteksiyon laban sa:

- diphtheria, tetanus, pertussis (tuspirina) – 1 iniksiyon
- human papillomavirus (HPV) – 1 iniksiyon.

Makakabasa ka ng higit pa tungkol sa mga sakit na ito at sa mga bakunang ginamit para magbigay ng proteksiyon laban sa kanila sa: healthywa.wa.gov.au/immunisation

## Ano ang kailangan mong gawin

Ang pakete ng imyunisasyon ay naglalaman ng impormasyon at form ng pahintulot.

Bilang magulang o tagapag-alaga, inaatasan kang:

1. basahing mabuti ang nakalakip na form ng pahintulot at fact sheet ng bakuna, at bumisita sa healthywa.wa.gov.au/immunisation o kontakin ang nurse ng paaralan ninyo kung kailangan mo ng higit pang impormasyon
2. markahan ang pula o berdeng kahon sa form ng pahintulot, para tukuyin kung aling mga bakuna ang pinahihintulutan mo, at anumang hindi, pagkatapos ay lumagda sa espasyong nakalaan
3. magbigay ng impormasyon sa form ng pahintulot tungkol sa mga medikal na problema na maaaring makaapekto sa tugon ng anak mo sa imyunisasyon.
4. isauli ang nakumpletong form sa paaralan, **kahit na kung tumatanggi ka sa imyunisasyon.**

Maaaring kontakin ka ng nurse kung kailangan nila ng higit pang impormasyon.

**Tanging mga estudyanteng may nilagdaan, nakumpletong form ang babakunahan.**

Kung hindi natanggap ng anak mo ang iymunisasyon nila sa takdang araw, aabisuhan ka, at ang mga alternatibong opsiyon sa imyunisasyon ay iaalok.

## Bago bakunahan ang anak mo

Ang banayad, karaniwang sakit, tulad ng ubong may sinat, ay hindi dapat magpaantala sa pagbabakuna. Subalit, sa ilang mga kaso, nirerekomenda na ang pagbabakuna ay hindi ibigay o antalain dahil sa mga sumasailalim na medikal na kundisyon. Ipaalam sa iyong nurse sa imyunisasyon o paaralan kung ang anak mo ay:

- may malalang reaksiyon kasunod ng anumang pagbabakuna sa nakaraan
- may kasaysayan ng malalang allergy kung saan ang pagbabakuna ay hindi inirerekomenda
- nabigyan ng live na bakuna sa loob ng nakaraang buwan hal. tuberkulosis, tigdas, yellow fever
- nagkaroon ng iniksiyon ng immunoglobulin o lubos na pagsasalin ng dugo sa nakaraang tatlong buwan
- may sakit na nagpapababa sa immunity,(hal. leukemia, kanser, HIV/AIDS) o nagpapagamot na nagpapababa sa immunity (hal. mga steroid na gamot tulad ng hydrocortisone o prednisolone, radiotherapy, chemotherapy)
- nakatira kasama ng taong may sakit na nagpapababa sa immunity o nagpapagamot na nagpapababa sa immunity
- may sakit sa oras ng pagbabakuna.

## Pag-aalaga makalipas ang imyunisasyon

Ang bandang ininiksyunan ay maaaring mapula at namamaga – magtapal ng malamig na mamasa-masang bimpo.

Maaaring may kaunting kirot, lagnat, sakit ng ulo o kapaguran. Para sa sakit ng ulo at kirot, bigyan ng paracetamol ayon sa tagubilin sa label. Kung patuloy ang lagnat, konsultahin ang doktor mo.

Bumisita sa healthywa.wa.gov.au/immunisationpara sa higit na impormasyon tungkol sa karaniwan at bihirang mga side effect sa mga bakuna.

Humingi agad ng medikal na payo kung may reaksiyon na sa palagay mo ay malala o hindi inaasahan.

Lahat ng mga tagapaglaan ng imyunisasyon sa WA ay inaatasan ng batas na mag-ulat ng masamang reaksiyon kasunod ng imyunisasyon. Maaari ring mag-ulat ang mga magulang ng mga alalahanin tungkol sa anumang mga malalang reaksiyon matapos ang imyunisasyon. Matuto pa sa healthywa.wa.gov.au/WAVSS o tumawag sa 6456 0208.

## Mga tala sa imyunisasyon

Kasunod ang pagbabakuna, makakatanggap ang mga estudyante ng tala ng mga bakunang natanggap nila.

Lahat ng mga bakunang ibinigay sa pamamagitan ng programang batay sa paaralan ay itatala sa Australian Immunisation Register (AIR).

Maa-access mo ang Mga Pahayag sa Kasaysayan ng Imyunisasyon ng anak mo mula sa AIR para matingnan kung napapanahon ang mga bakuna nila.

## Mga Kontak

**Ang lokal mong doktor**

**Ang iyong lokal na sentro ng kalusugan ng komunidad mo, ospital o pampublikong kalusugang yunit**

healthywa.wa.gov.au/publichealthunits

***healthdirect Australia***

Telepono: 1800 022 222

## Higit pang impormasyon

**Department of Health**

healthywa.wa.gov.au/immunisation

**Commonwealth Department of Health**

1800 671 811 o
health.gov.au/health-topics/immunisation

HealthyWA
healthywa.wa.gov.au

Maaaring makuha ang dokumentong ito sa mga alternatibong anyo kapag hiniling para sa taong may kapansanan.

Ginawa ng Communicable Disease Control Directorate
© Department of Health 2023

Ang copyright sa materyales na ito ay nakalaan sa State of Western Australia maliban kung iba ang nakatukoy. Maliban sa anumang patas na pangangasiwa para sa mga layunin ng pribadong pag-aaral, pananaliksik, kritisismo o pagrepaso, ayon sa pinahihintulutan sa ilalim ng mga probisyon ng *Copyright Act 1968*, walang bahagi ay maaaring i-reproduce o muling gamitin para sa anumang mga layunin nang walang nakasulat na pahintulot ng State ng Western Australia.

IMM-013031 PEB'23